

## **Abiso sa Publiko**

Ang Livermore Amador Valley Transit Authority (LAVTA) ay nagpapatakbo ng mga serbisyo nito na hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, at bansang pinagmulan alinsunod sa Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Act). Ang sinumang tao na naniniwalang napinsala na siya ng anumang labag sa batas na nagsasagawa ng diskriminasyon sa ilalim ng Titulo VI ay maaaring maghain ng reklamo sa LAVTA.

Para sa higit na impormasyon sa mga karapatang sibil na programa ng LAVTA, at mga pamamaraan sa paghain ng isang reklamo, tumawag sa 925-455-7555 o pumunta sa aming administratibong tanggapan sa 1362 Rutan Court, Suite 100, Livermore CA 94551. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang [www.wheelsbus.com](http://www.wheelsbus.com)

Ang nagrereklamo ay maaaring maghain nang direktso sa Federal Transit Administration sa pamamagitan ng paghahain ng reklamo sa Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor-TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590  
Kung kinakailangan ng impormasyon sa isa pang wika, kontakin ang 925-455-7555.

## **Titulo VI Pamamaraan ng Pagreklamo**

Ang Livermore Amador Valley Transit Authority (LAVTA) ay naggagawad sa lahat ng mamamayan ng pantay na paggamit sa lahat nitong serbisyo ng transportasyon. Ito ay higit pa sa layunin ng LAVTA, na nababatid ng lahat ng mamamayan ang kanilang mga karapatan sa gayong paggamit. Ang pamamaraang ito ay dinisenyo upang magsilbi bilang isang kasangkapang pang-edukasyon para sa mga mamamayan para maaari nilang maunawaan ang isa sa mga batas tungkol sa mga karapatang sibil na nagtatanggol laban sa diskriminasyon na maaaring maging resulta mula sa mga programa at serbisyo ng LAVTA, na partikular, sa Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Act) ng 1964.

### **Ano ang Titulo VI?**

Ang Titulo VI ay isang seksiyon ng Batas ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Act) ng 1964 na nag-aatas na “Walang sinumang tao sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, ang matatanggal mula sa paglahok, matatanggihan sa mga benepisyo, o mapapasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o gawain na tumatanggap ng tulong pinansiyal ng pederal.” Alalahanin na ang Titulo VI ay hindi sumasakop sa diskriminasyon sa kasarian. Ito ay sumasaklaw lamang sa lahi, kulay at bansang pinagmulan. Ang iba pang mga batas sa mga Karapatang Sibil ang nagbabawal sa diskriminasyon sa kasarian.

## **Paano ako maghahain ng isang reklamo?**

Ang sinumang tao na naniniwala na nakaranas nga siya ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ng Livermore Amador Transit Authority (na sa sumusunod na bahagi ay tinutukoy bilang “Authority”) ay maaaring maghain ng isang Titulo VI na reklamo sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagpasa sa Authority ng Titulo VI na Pormularyo ng Pagreklamo. Ang Authority ay nagsisiyasat ng mga natanggap na reklamo nang hindi lalampas sa 180 araw pagkatapos ng nasabing insidente. Ang Authority ay magpoproseso ng mga reklamo na kumpleto.

### **TITULO VI PORMULARYO NG PAGREKLAMO**

#### **Mga paraan ng paghahain ng isang reklamo**

Ang higit na ninanais na paraan ay ang paghahain ng inyong reklamo nang nakasulat gamit ang Titulo VI na Pormularyo ng Pagreklamo at ipadala ito sa:

Title VI Coordinator  
Livermore Amador Valley Transit Authority  
1362 Rutan Court, Suite 100  
Livermore, CA 94551

Ang mga pasalitang reklamo ay tatanggapin at isusulat ng Title VI Coordinator. Para gumawa ng pasalitang reklamo, tumawag sa (925) 455-7500 at hanapin ang Title VI Coordinator.

Kapag natanggap ang reklamo, susuriin ito ng Authority upang matukoy kung may saklaw dito ang tanggapan. Ang nagrereklamo ay makakatanggap ng sulat ng katunayan ng pagtanggap na nagbibigay-alam sa kanya kung ang reklamo ay sisiyasatin ng aming tanggapan.

#### **Mga Imbestigasyon**

Ang imbestigasyon ay tutugon sa mga reklamo laban sa anumang (mga) departamento ng Authority. Isasagawa ang imbestigasyon na kasabay at sa ilalim ng payo ng third party claims adjuster ng Authority.

Maaaring kabilang sa imbestigasyon ang (mga) pagtalakay ng reklamo sa lahat ng apektadong panig upang matukoy ang problema. Ang nagrereklamo ay maaaring katawanin ng isang abogado o iba pang kinatawan na sarili niyang pinili at maaaring magdala ng mga saksi at maglahad ng testimonya at ebidensiya sa panahon ng imbestigasyon.

Ang imbestigasyon ay isasagawa at tatapusin sa loob ng 60 araw ng pagtanggap ng pormal na reklamo. Kung higit na impormasyon ang kailangan upang malutas ang kaso, ang Authority ay maaaring kumontak sa nagrereklamo. Ang nagrereklamo ay mayroong 5 araw ng trabaho mula sa petsa ng sulat upang magpadala ng hiniling na impormasyon sa imbestigador na itinalaga para sa kaso. Kung ang imbestigador ay hindi kontakin ng nagrereklamo o hindi matanggap ang mga karagdagang impormasyon sa loob ng 5 araw ng trabaho, ang Authority ay maaaring

administratibong isara ang kaso. Maaaring administratibong isara din ang kaso kung ang nagrereklamo ay hindi na nagnanais na ipagpatuloy ang kanilang kaso.

Batay sa lahat ng natanggap na impormasyon, isang ulat ng imbestigasyon ang isusulat ng Third Party Claims Adjuster para ipasa sa Executive Director. Ang nagrereklamo ay tatanggap ng isang sulat na nagsasaad ng pinal na desisyon ng Executive Director sa katapusan ng 60-araw na takdang panahon. Ang isa sa dalawang sulat sa nagrereklamo ay ipapalabas: ang sulat ng pagsasara o sulat ng kinalabasan [letter of finding (LOF)]. Ang sulat ng pagsasara ay nagbubuod sa mga paratang at nagsasaad na walang paglabag sa Titulo VI at ang kaso ay isasara. Ang LOF ay nagbubuod ng mga paratang at panayam patungkol sa nasabing insidente, at nagpapaliwanag kung may magaganap na anumang aksiyong pandisiplina, karagdagang pagsasanay ng mga kawani o iba pang aksiyon. Kung magnanais ang nagrereklamo na umapela sa desisyon, mayroon siyang 10 araw pagkatapos ng petsa ng sulat o ng LOF para gawin ang apela.

Ang isang tao ay maaari ding maghain ng reklamo nang direktso sa Federal Transit Administration, sa FTA Office of Civil Rights, 1200 New Jersey Avenue SE, Washington, DC 20590.